

RA 9745

ALAMIN ANG ANTI-TORTURE ACT OF 2009

NILALAMAN

Introduksyon

Depinisyon ng Tortiyur

Paano isinasagawa ang tortiyur?

Sistema ng redress at ang karapatan ng mga biktima ng tortiyur?

Ano ang maaaring gawin kung may nabiktima ng tortiyur?

Sino ang may pananagutan at ano ang kanilang pananagutan?

INTRODUKSYON

Ang tortyur ay masakit, ito ay nag-iiwan ng marka ng sugat sa katawan at kalooban. Maaring isa sa mga kakilala mo, o kamag-anak mo ay dumaranas nito. Kailangan na itong mapigilan. Nitong nakalipas na November 10, 2009 ay ipinasa ng ating Kongreso (Pamahalaan) ang anti-torture law bunga na rin ng pagsisikap ng mga organisasyon at indibidwal na nagnanais na matigil na ang tortyur sa ating bansa.

Upang mas maisakatuparan ang batas na ito, magandang malaman ng publiko ang nilalaman at mga probisyon nito nang sa gayon ay maging kabahagi sila sa pagtitiyak na naipapatupad ito.

Naway maging daan ang munting babasahing ito para makatuong sa mga magbabasa na malaman kung ano ang torture, kung paano ito nagaganap, at kung ano ang mga hakbang at karapatan ng tao kaugnay dito.

Hangad din namin na maipaabot at maibahagi ninyo ito sa iba pa upang mas maraming maging mulat sa ganitong usapin. Sa ganitong paraan, ay makakapagtulungan tayong lahat na mapigil ng lubos ang tortyur.

ANO BA ANG TORTYUR?

Ayon sa Seksyon 3 ng Republic Act 9745, ang tortyur ay isang intensyunal na aksyon sa isang tao na nagdudulot ng matinding sakit at pagdurusa upang makakuha ng impormasyon o mapaamin sa isang bagay.

Ito ay isinasagawa upang parusahan ang isang tao sa ginawang pagkakamali, o pinagsususpetsahang ginawa nya o ng ibang tao.

Ito ay isinasagawa ng mga awtoridad, o ng mga taong may pahintulot, kaalaman o pangungunsinti ng awtoridad.

Isinasaad sa Seksyon 4 ng nasabing batas na may dalawang aspeto ang tortyur, ito ay ang pisikal at ang mental/sikolohikal na tortyur.

PAANO MO MALALAMAN KUNG MAY NAGANAP NA PISIKAL TORTYUR?

Ang pisikal na tortyur ay ang pagtrato o pagpaparusa na isinasagawa ng may kapangyarihan o kaya ay ahente ng may kapangyarihan sa isang tao na nasa ilalim ng kanyang kustodiya at nagdudulot ng kapansanan o pinsala sa isa o maraming bahagi ng katawan ng tao.

- siya ay pinapalo, inuuntog ang ulo, tinatadyakan, hinahampas ng batuta (truncheon) o mango ng baril, nilulundagan sa tiyan
- siya ay pinagkakaitan ng pagkain o kaya ay pwersahang pinapasubo o pinalululon ng panis na pagkain, hayop, dumi ng tao, o iba pang bagay o kemikal na hindi karaniwang kinakain ng tao
- siya ay kinukuryente, pinapaso ng sigarilyo, pinapahiran ng sili o mga kemikal sa mucous membrane tulad ng mata at bibig o iba pa , o kaya ay pinapahiran ng mga asido o pampaanghang sa mga sugat

- ang ulo niya ay nilulubog sa tubig malinis man o kaya ay may kahalong ihi, suka o mga dugo hanggang sa siya ay mahirapang huminga
- itinatali o sapilitan siyang ginagapos sa isang pirmsis na posisyong nagdudulot ng matinding pagod at ngawit
- siya ay ginagahasa o sekswal na inaabuso tulad ng pagpasok ng mga foreign objects sa ari at butas ng kanyang puwit gayundin ang pangunguryente sa ari niya
- pinuputol ang mahalagang bahagi ng kanyang katawan tulad ng ari, tenga, dila, puwersahang binubunot ang kanyang mga ngipin, o kaya ay hinuhugot ang kanyang mga kuko,
- ibinibilad siya sa araw o kaya ay inilalagay sa isang lugar na matindi ang lamig,
- binabalutan ng plastik ang kanyang ulo na nagiging dahilan upang hind maging maayos ang daloy ng paghinga (asphyxiation), pinapainom siya ng mga psychoactive drugs para maapektuhan ang memorya, pananaw at mapababa ang kakayahang mag-isip
- ginagawan siya ng iba pang kahalintulad na pananakit sa kanyang katawan.

ANG ISA PANG PORMA NG TORTYUR AY ISINASAGAWA NAMAN SA PAMAMARAANG MENTAL O SIKOLOHIKAL UPANG MAAPEKTUHAN O LITUHIN ANG ISIP NG TAO O KAYA AY PARA YURAKAN ANG DIGNIDAD AT BUMABA ANG MORAL NG ISANG TAO. ANG GANITONG ASPETO NG TORTYUR AY NAGAGANAP SA ISANG TAO O DETENIDO KUNG:

- pinipiringan ang kanyang mga mata,
- tinatakot siya o ang kanyang kamag-anak na sasaktan o papatayin o kaya ay gagawan ng hindi kanais-nais na bagay
- ikinukulong siya sa isang solitary cell (isang lugar na wala kang kasama) o kaya ay sa isang secret detention,
- dumaranas siya ng isang napakahabang interogasyon
- pagkokondisyon sa isang tao laluna na ang detenido para sa isang “show trial” (tulad ng paghaharap sa media) o kaya ay pagpapakita sa publiko na nagdudulot kanyang kahihyan sa publiko

- biglaan siyang ililipat mula sa isang lugar papunta sa isang lugar dahilang para ang tao na siya ay papatayin na,
- minamaltrato ang kanyang mga kaanak, kung ang pananakit sa kanya ay sadyang ipinapakita sa kanyang mga kaanak o sa ibang tao
- hindi siya pinahihintulatang matulog o makapagpahinga,
- inilalagay siya sa kahihyan tulad ng paghuhubad ng damit at pagpaparada sa publikong lugar, o kaya ay pag-ahit sa buhok sa ulo at paglalagay ng mga marka sa katawan na nagdudulot ng kahihyan o kaya ay nagiging labag sa kanyang kalooban
- sadyang pinuputol o ipinagkakait ang komunikasyon sa kanyang pamilya
- dumaranas siya ng iba pang kahalintulad na gawi kaugnay sa mental/sikolohikal na tortyur

**KUNG ANG MGA NABANGGIT NA AKTO
AY NALAMAN MONG ISINASAGAWA
SA ISANG TAO, IBIG SABIHIN MAY
NAGAGANAP NA TORTYUR.**

Maliban sa tortyur, mahalagang malaman na may iba pang karumal-dumal, di-makatao at nakakababang pagtrato at pagpaparusa (other cruel, inhuman and degrading treatment or punishment) na ipinagbabawal din ng batas.

Tumutukoy ito sa mga akto o kilos na hindi nabanggit sa pisikal at mental na tortyur subalit kinatatampukan ng pagpapataw ng parusa ng isang awtoridad o ahente ng awtoridad sa isang tao na nagreresulta sa malubhang pagdurusa at labis na kahihyan nito.

ANG TORTYUR AT IBA PANG KARUMAL-DUMAL, DI-MAKATAO AT NAKAKABABANG PAGTRATO AT PAGPAPARUSA AY ISANG KRIMEN SA ANUMANG PAGKAKATAON.

Hindi maaring ikatwiran ang gyera, banta ng gyera, public emergency, o kaya ay kautusan tulad ng order of battle kung bakit tinortyur ng isang tao. Kaugnay nito, hindi pinahihintulot ng batas na ikulong ang isang tao sa isang lihim na lugar, sa solitary confinement o kaya ay gawin siyang incommunicado, o kaya ay iba pang lugar piitan na maaring maisagawa ang tortyur.

MAY PARAAN BA PARA MAKAMIT ANG HUSTISYA PARA SA MGA BIKTIMA NG TORTYUR?

Maaaring magsampa ng kasong kriminal laban sa mga nangtortyur. Kaakibat nito ay ang mga karapatan na:

- Magkaroon ng isang patas na imbestigasyon ng Komisyon sa Karapatang Pantao (CHR) at iba pang kinauukulang ahensya ng pamahalaan. Ito ay dapat isagawa sa loob ng animnapung (60) araw pagkatapos niyang maisampa ang reklamo. Itinatakda din ng batas na mabigyan siya ng proteksyon ng pamahalaan laban sa pagbabanta o pananakot bunga ng pagsasampa nya ng reklamo. Gayundin naman, kailangan tiyakin ng pamahalaan na ligtas ang biktima gayundin ang kanyang kamag-anak, mga saksi at abogado, at mabigyan siya ng proteksyon sa panahon na pagpapakita nya ng kanyang ebidensya sa anumang pagkakataon o fora.

- **Karapatan ng isang taong inaresto, ikinulong, o sumasailalim sa imbestigasyon na hilingin sa pamahalaan na mabigyan ng independenteng pisikal, mental at sikolohikal na eksaminasyon o pagsusuri bago at pagkatapos ang interogasyon. Kung ang biktima ay babae, kinakailangang babae din ang ekspertong magbibigay ng pagsusuri sa kanya hanggat maaari.**

Ang CHR at Public Attorneys Office (PAO) ay itinalaga ng batas upang magbigay ng legal na tulong sa mga nabiktima sa pagsasampa nito ng reklamo, pagmonitor sa kaso, at sa buong proseso ng imbestigasyon. Maaari ding humingi ng legal na tulong mula sa Barangay Human Rights Action Center (BHRAC) na malapit sa kanilang lugar o kaya ay sa mga non-government organizations (NGO).

Inaatasan ng batas ang DSWD, DOJ, DOH, iba pang ahensya ng pamahalaan, at mga organisasyon para sa karapatang pantao na magbalangkas ng komprehensibong programa para sa rehabilitasyon ng mga biktima ng tortyur gayundin para sa kanilang mga pamilya.

Ang mga biktima ay may karapatan ding tumanggap ng kabayaranang hindi bababa sa P10,000.00 at iba pang kabayaran batay sa itinatadhana ng iba pang umiiral na batas.

SINO ANG MGA DAPAT MANAGOT KAPAG MAY NAGANAP NA TORTYUR?

- Sinumang tao na aktwal na may partisipasyon sa pagsasagawa ng ng tortyur
- Mga opisyal ng militar, pulis, law enforcer at senior government official na nagbigay ng utos para isagawa ang tortyur,
- Mga immediate commanding officer ng kinauukulang yunit ng AFP o senior officials ng PNP at iba law enforcement agencies dahil sa kanilang kapabayaan o pagkunsinti
- Mga opisyal at kawani ng pamahalaan na walang aktwal na partisipasyon sa pagsasagawa ng tourtyur subalit may kinalaman dito sa paraang pagtatago o paninira ng mga ebidensya, pagtulong na makatakas o kanlungin ang nagsagawa ng tortyur, o kaya ay nakinabang at tumulong sa anumang paraan sa mga nangtortyur

**UPANG TORTYUR
AY MAPIGIL AT
KARAPATAN
NG TAO AY MATIYAK.
MAGMASID.
IPAGBIGAY-ALAM.
MAKIPAG-UGNAYAN.**

**Commission on Human Rights Hotline
377-2477**

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA KARAPATANG MAGING MALAYA MULA SA TORTYUR:



BALAY Rehabilitation Center, Inc.
25 Maalindog St., UP Village,
Quezon City, 1100 Philippines
Tel. 9216301 | Website: www.opcatph.org ,
www.balayph.net | Email: balay@balayph.net |
opcatph@yahoo.com
Contact Person: Ellecer E. Carlos



United Against Torture Coalition
18 A. Marunong St. , Central District,
Quezon City, 1100 Philippines
Tel. 433.8100 | fax: 927.6008
Email: section@amnesty.org.ph
Contact Person: Wilnor M. Papa



Published by Balay Rehabilitation Center, Inc.

BALAY is a human rights, psychosocial NGO
25 Maalindog Street, UP Village
Quezon City, Philippines
Tel: (02) 426-3825
Fax: (02) 921-6301
Email: opcatph@yahoo.com
Website: www.opcatph.org | www.balayph.net

Published with the support of the Rehabilitation
and Research Centre for Torture Victims (RCT), Copenhagen